INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
ISSN Online: 3028-032X | ISSN Print: 3028-0370
Volume 1, Issue no. 9 (2024)

# MGA HAMON NG MGA MAG-AARAL SA FIELD STUDY

DOI 10.5281/zenodo.13836387

**Elisha I. Estomata**
BSED-4, College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0009-0004-6269-9475

**Mary June O. Azcona**
BSED-4, College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0009-0006-8609-6948

**Leizel Joy C. Dabalos**
Faculty, Misamis University, Philippines
https://orcid.org/0009-0000-8697-6992

**ABSTRAK**

Ang *Field Study Program* ay isang programa na bahagi ng kurikulum at pagsasanay na isinasagawa ng *Teacher Education Insitution*. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang mga hamon na kinakaharap ng mga Filipino major na mag-aaral ng *Field Study*, matukoy ang epekto ng *Field Study Program* sa mga Filipino major na mag- aaral, at masuri ang mga posibleng hakbang ng *Teacher Education Institution* sa pagpapatupad ng isang matagumpay na *Field Study Program*. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng *phenomenological* na disenyo. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay siyam na Filipino major na mag-aaral ng *Field Study* mula sa College of Education, Misamis University na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling.* Ang mananaliksik ay nagsagawa ng panayam gamit ang mga gabay na katanungan na sariling gawa ng mananaliksik. Ang mga datos ay sinuri gamit ang pamamaraan ni Moustaka. Ang pag-aaral na ito ay nagbunga ng sumusunod na mga tema hinggil sa mga hamon ng mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study: (1) Kahirapan ng mga Mag-aaral na Kanilang Tinuruan sa Paggamit at Pag-intindi sa Wikang Filipino; (2) Kakulangan sa Pamamahala sa Oras; (3) Kakulangan sa Suportang Pinansyal, mga epekto ng *Field Study Program* sa mga Filipino major na mag-aaral: (1) Kalinangan sa Kasanayan sa Pagtuturo; (2) Kalinangan sa Wastong Pamamahala sa Klase; (3) Kalinangan sa Pedagohiya sa Pagtuturo sa Tulong ng *Cooperating Teachers* at mga posibleng hakbang ng *Teacher Education Institution* sa pagpapatupad ng isang matagumpay na Field Study ay ang mga sumusunod: (1) Maagang *Exposure* sa mga Kasanayan sa Pagtuturo; (2) Pagsagawa ng mga Seminar at Palihan. Ang mga Filipino major na mag-aaral ay naharap sa iba't ibang mga hamon sa kanilang naging *Field Study* ngunit nagkaroon naman ng positibong epekto at nakatulong ang programa na ito sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagtuturo, maaaring namang mapabuti pa ang *Field Study Program* sa pamamagitan ng maagang *exposure* at pagsasagawa ng mga seminar at palihan. Iminungkahi na magsagawa ng quantitatibong pananaliksik tungkol mga salik na nakaaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa *Field Study* at *Internship*.

***Mga Susing Salita****: cooperating teachers, Filipino major, Field Study Program, hamon, Teacher Education Institution,*

## INTRODUKSYON

Ang Field Study Courses sa bawat Higher Education Institutions sa buong bansa na nag-aalok ng mga programang Bachelor of Elemenatry Education (BEEd) at Bachelor of Secondary Education (BSEd) ay alinsunod sa Commission on Higher Education Memorandum Order (CMO) No. 30, s. 2004 na nagpapahayag ng mga bagong alituntunin para sa undergraduate teacher education curriculum upang makasabay at makatugon sa pandaigdigang pangangailangan at pamantayan (Commision on Higher Education, 2004). Isa ito sa mga hakbang na isinagawa ng gobyerno sa ilalim ng pagpapatupad ng Teacher Education Council (TEC) in 1994 o ang Republic Act No.7784 na naglalayong patibayin ang edukasyon at pagsasanay ng mga guro sa hinaharap sa pamamagitan ng pagpapabuti ng teacher education (Yakap, 2022).

Ang Field Study Courses ay bahagi ng bagong kurikulum na kailangang kunin ng bawat pre-service teachers (PSTs) (Mayuga, 2016). Nilalayon ng Field Study Courses na mabigyan ang mga mag-aaral ng mga praktikal na karanasan at matutunan ang iba't ibang bahagi ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa aktwal na senaryo ng paaralan (Commission on Higher Education, 2004). Ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maobserbahan at maranasan ang totoong mundo at takbo ng pagtuturo sa iba't ibang estudyante ay bahagi ng tinatawag na experential learning (Wilson, 2011).

Ang Field Study ay isang mahalagang bahagi at salik ng Pre-service Teacher Education para sa matagumpay at epektibong praktikum ng PSTs. Nararanasan ng mga mag-aaral sa Field Study ang mga aktwal na karanasan sa

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
ISSN Online: 3028-032X | ISSN Print: 3028-0370
Volume 1, Issue no. 9 (2024)

pagpasok sa mundo ng pormal na senaryo ng paaralan, tulad ng pagtatag ng ugnayan at relasyon sa mga katrabaho, interaksyon ng guro at mag-aaral, paghahanda ng mga aktibidad sa klase, at pamamahala sa silid-aralan (Abas, 2016). Ngunit, hindi maiiwasan na mayroong mga hamong kinakaharap ang mga mag-aaral na nakaaapekto at nagiging balakid sa pagpapatupad ng kalidad at epektibong karanasan sa larangan (Hixon and So, 2009). Ang mga hamong kinakaharap ng mga pre-service teachers ay maaaring iba-iba sa bawat larangan ng espesyalisasyon (Napanoy et al., 2021).

Ang mga PSTs sa labas ng Pilipinas ay nakaranas ng iba't ibang hamon sa kanilang Field Study Courses. Sa pag-aaral na isinagawa sa Amerika, natuklasan na ang mga hamong kinaharap ng mga pre-service teachers ay may kauganayan sa kanilang pamamahala sa klase at oras, pagbalanse ng mga responsibilidad sa pagbibigay ng marka, pagtuturo at pagpaplano ng mga gawain sa klase, at ugnayan sa kanilang cooperating teacher (Ferber et al., 2010). Lumabas naman sa pag-aaral na isinagawa sa Africa na ang hindi pagtanggap ng kawani, kalabuan ng tungkulin, isyu sa pangangasiwa at pagtatasa, pagsulat ng banghay-aralin, hindi magandang disposisyon ng mag-aaral, kawalan ng kahandaan at hindi angkop na paraan ng pagtuturo ang hinarap na hamon ng mga PSTs (Baidoo, 2016). Katulad sa pag-aaral sa Saudi Arabia, ang mga pre-service teachers ay nahirapan sa pagpili ng angkop na paraan ng pagtuturo batay sa aralin at paggamit ng angkop na pagsusuri sa kaalaman ng mga mag-aaral (Alamri, 2018). Sa isa pang pag-aaral sa Thailand, ang pagbuo ng mga layunin, pagsimula at pagsusunod-sunod ng mga aktibidad sa pag-aaral, at ang pagiging kumplikado ng pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral ang naging hamon ng mga PSTs (Faikhamta, 2011).

Nakaranas naman ng iba't ibang hamon ang mga PSTs sa Pilipinas. Natuklasan sa pag-aaral na isinagawa sa Mindoro na naapektuhan ang teaching self-efficacy ng mga PSTs dahil sa teaching anxiety na dulot ng mataas na ekspektasyon ng kanilang cooperating teacher at mga estudyante, pamamahala sa silid-aralan, estratehiya at teknik sa pagtuturo, at ugnayan sa kasamahan (Gorospe, 2022). Sa pag-aaral naman sa Laoag City, noong kasagsagan ng pandemya kung saan ipinatupad ang new normal, nakita na ang pangunahing hamon na hinarap ng mga PSTs ay may kaugnayan sa well-being at mental health partikular na sa kawalan ng pokus at motibasyon, mental issues, problemang pinansyal, at pagod (Fabro et al., 2023).

Ilang pag-aaral naman ang isinagawa sa ilang bahagi ng Mindanao. Natuklasan sa pag-aaral ni Abas (2016) sa Cotabato City na ang kakulangan sa suporta mula sa administrasyon, cooperating teachers, at student supervisors, kolaborasyon sa kapwa PSTs, pag-uugali at pagganap ng mga mag-aaral, pagsasagawa ng mga itinalagang gawain at kawalan ng conducive learning environment ang naging hamon na kinakaharap ng mga pre-service teachers. Sa Bukidnon, napag-alaman naman na ang pagkakaroon ng hindi maayos na pamamahala sa klase at silid-aralan na nagresulta sa mga negatibong ugali at gawi ng mga mag-aaral ang naging hamon at problemang hinarap ng mga PSTs (Mugot at Sumbalan, 2019).

Sa Misamis University, Ozamiz City, naobserbahan ng mga mananaliksik na nahihirapan ang mga mag-aaral sa Field Study partikular na ang mga Filipino major. Ninanais ng mga mananaliksik na matukoy ang mga hamon ng mga mag-aaral sa Field Study, tukuyin ang epekto ng Field Study Program sa mga Filipino major na mag-aaral at susuriin ang mga posibleng hakbang ng TEI para sa pagpapatupad ng isang matagumpay na Field Study Program. Isinagawa ang pag aaral na ito upang matukoy ang posibleng dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag aaral sa Field Study, matukoy ang epekto ng Field Study Program sa mga mag-aaral, at masuri ang posibleng hakbang ng TEI para sa matagumpay na pagpapatupad ng Field Study Program.

## LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang pag aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga hamon na kinakaharap ng mga Bachelor of Secondary Education Major in Filipino sa Field Study sa Misamis University. Ang pag aaral na ito ay sinagot ang mga sumusunod na mga layunin:

1. Natutukoy ang mga hamon na kinakaharap ng mga Filipino major na mag-aaral sa Field Study;
2. Natutukoy ang epekto ng Field Study Program sa mga Filipino major na mag- aaral; at
3. Nasusuri ang mga posibleng hakbang ng Teacher Education Institution sa pagpapatupad ng isang matagumpay na Field Study Program.

## PAMAMARAAN

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na gumamit ng phenomenological na disenyo. Ang phenomenology ay nakatuon sa pag-aaral ng mga karanasan ng isang indibidwal (Neubauer et al., 2019). Sa pamamagitan na ito ay matutukoy ng mga mananaliksik ang mga hamon ng mga mag-aaral ng Field Study.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
ISSN Online: 3028-032X | ISSN Print: 3028-0370
Volume 1, Issue no. 9 (2024)

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa College of Education ng Misamis University. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay siyam (9) na mag-aaral na kumukuha ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa College of Education na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling na ibinatay sa krayterya na sila ay opisyal na naka-enroll sa panahon na isinagawa ang pag-aaral at sila ay mga mag-aaral ng Field Study. Ang pahintulot ay nakuha mula sa mga kalahok bago ang pagsasagawa sa pag-aaral.

## RESULTA AT TALAKAYAN

### A. Hamon ng mga Filipino major na Mag-aaral sa Field Study

Ang unang layunin ng pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga hamon na kinakaharap ng mga Filipino major na mag-aaral sa Field Study. Tinatalakay nito ang mga mahahalagang tema tungkol sa kahirapan ng mga mag-aaral na kanilang tinuruan sa paggamit at pag-intindi sa wikang Filipino, kakulangan sa pamamahala sa oras, at kakulangan sa suportang pinansyal.

**Tema 1: Kahirapan ng mga Mag-aaral na Kanilang Tinuruan sa Paggamit at Pag-intindi sa Wikang Filipino**

Habang patuloy na nagbabago ang panahon, laganap na ang impluwensiya ng teknolohiya at media, hindi na lubusang nagagamit ng mga kabataan ngayon ang wikang Filipino na nagreresulta ng kahirapan sa pag-intindi at tamang paggamit nito. Isa sa mga hamon na kinaharap ng mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study ay ang kahirapan sa paggamit at pag-intindi sa wikang Filipino ng mga mag-aaral na kanilang tinuruan. Ang kahirapan na ito ng mga mag-aaral ay nakaaapekto rin sa pagtuturo ng mga guro sa Filipino. Nagiging balakid ito para sa mga guro sa Filipino na epektibong maipaintindi ang paksa. Binigyang diin nina P2 at P4 ang kawalan ng interes at kahirapan ng kanilang mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

*"Ang hamong kinakaharap naming mga Filipino major ay ang mga mag-aaral na ayaw sa asignaturang Filipino, ang kawalan nila ng kaalaman kung paano ito bigkasin at intindihin." (P2)*

*"Ang mga hamong kinakaharap ng mga Filipino major na mag-aaral sa Field Study ay hindi madali dahil maraming estudyante ang nahihirapan sa asignaturang Filipino."(P4)*

*Isinaad naman nina P3, P5, at P8 ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-itindi ng mga salita sa wikang Filipino. Habang binigyang diin ni P7 na mayroong mga mag-aaral na hindi talaga marunong ng wikang Filipino na nagreresulta ng hindi pagkaunawa sa mga paksa tuwing talakayan.*
*"Ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pag-intindi ng Filipino" (P3)*

*"Hindi naging madali ito sapagkat may mga-mag-aaral na hindi marunong magbasa at hindi makaintindi ng salitang Filipino." (P5)*

*"Ang hamong kinakaharap ng mga Filipino major na mag-aaral sa field study - Isa na rin dito ang mga estudyanteng nahihirapan sa pag-unawa ng wikang Filipino." (P8)*

*"Mga batang hindi marunong mag Filipino na hindi nakakaunawa tuwing teaching, mga bata na maiingay at pasaway." (P7)*

Karamihan sa mga mag-aaral kahit na sa pribado at pampublikong paaaralan ay nahihirapan sa paggamit at pag-intindi ng wikang Filipino. Nagiging mahirap sa kanila ang pagbigkas at pag-intindi sa mga salita sa Filipino na nagreresulta ng kawalan ng pag-unawa sa tinalakay na paksa ng guro. Bumaba ang kasanayan at kaalaman ng mga kabataan sa paggamit ng wikang Filipino dahil sa impluwensiya ng teknolohiya at media at mas pinipiling matuto at gumamit ng Ingles (Aquilon, 2020).

Kadalasang Taglish o Tagalog-English ang midyum na ginagamit sa pagtuturo dahil mas gusto ito ng mga mag-aaral at nahihirapan sila kung wikang Filipino lamang ang ginagamit sa pagtuturo (Aquino, 2016). Maaring dahil rin sa kakulangan ng mga mag-aaral ng kasanayan sa bokabularyo na siyang may malaking impluwensiya sa pagbasa nang may pag-unawa (Torzar, 2021). Ang kakulangan sa bokabularyo sa wikang Filipino ay maaaring magdulot ng kawalan ng interes na matuto at makilahok tuwing klase dahil hindi alam ng mga mag-aaral ang mga salitang dapat gamitin at kahulugan ng kanilang mga binabasa na nagiging hamon sa mga guro (Ferrer, 2019).

Maraming salik ang nakaapekto sa kahirapan ng mga mag-aaral sa paggamit at pag-intindi ng wikang Filipino na nagiging hamon para sa mga guro sa Filpino. Ang pagkakaroon ng mga karagdagang pagsasanay at masinsinang pagtuturo sa wikang Filipino sa mga mag-aaral ay makatutulong upang matugunan ang kahirapan na ito. Bilang mga Pilipino, kinakailangan ang pagiging maalam sa sarili nating wika upang mas lalo itong yumabong. Bilang mga guro sa asignaturang Filipino nararapat gamitin ang hamon na ito bilang inspirasyon na mag-isip at gumamit ng ibang

mga kagamitan at estratehiya na makatutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng interes na matuto ng wikang Filipino.

**Tema 2: Kakulangan sa Pamamahala sa Oras**

Ang kakulangan sa pamamahala sa oras ay ang kawalan ng organisayon at pagprayoridad sa mga mahahalagang bagay na gagawin. Ito ang naging isa sa mga hamon ng mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study. Binigyang diin nina P3 at P9 ang kahirapan sa pamamahala sa oras dahil sa sabay-sabay na mga gawain na kailangan ipasa at ang pagsabay ng mga gawain sa bahay at gawain sa paaralan.

*" Sabay-sabay na paperworks na kailangan i-submit, pamamahala sa oras ay ang mga hamon na kinakaharap ng mga Filipino major na mag-aaral sa Field Study.Nagdudulot ito sa akin ng kawalan ng motibasyon na magpatuloy dahil sabay-sabaang na mga gawain." (P3)*

*"Ang mga hamon na aming kinakaharap bilang mga guro ng Filipino sa Field study ay, una, time management o pamamahala sa oras dahil minsan hindi maisasabay ang mga gawain sa bahay at mga gawain so Field Study." (P9)*

*Isinaad naman ni P6 na naaapektuhan ang kaniyang pagganap sa pagpapakitang-turo dahil sa matagal na paggawa ng banghay-aralin. Ibinahagi naman nina P6 at P9 ang kawalan ng oras para sa pamilya dahil mas nakatuon sa paghahanda sa pagtuturo at hindi na nagagawa ang iba pang bagay. Nagkaroon din si P5 ng kahirapan sa paggamit ng limitadong oras sa pagtuturo sa klase.*

*"Natatagalan ako sa pagpasa at naapektuhan ang aking performance sa teaching demonstration at paggawa ng lesson plan. Wala na akong oras na makasama ang aking pamilya, maka-bonding sila." (P6)*

*"Nakakaapekto ang mga hamon na aking kinakaharap sa aking pamilya katulad
ng kawalan ng oras sa pamilya dahil mas nakatuon ako sa aking paghahanda sa pagtuturo" (P9)*

*"Pagbalanse ng oras sa pagturo sa klase sa loob lamang ng 50 minuto . May mga bagayna hindi ko na nagagawa ang aking mga gawain kaya ang aking pamilya nalang ang gumagawa upang hindi maputol at matapos ko ang aking ginagawa." (P5)*

Ang pamamahala sa oras at gawain ay maaaring maipaliwanag bilang proseso ng paggawa ng desisyon tungkol sa kung aling mga gawain ang pipiliin at tatapusin batay sa kanilang prayoritisasyon. Ito ang pag-aalis ng lahat ng uri ng mga sagabal na nararanasan ng mga indibidwal (Claessens et al., 2007).

Ang epektibong pamamahala sa oras ay kinikilala bilang isa sa mga pinakamahalagang salik para sa matagumpay na mga aktibidad. Mayroon ugnayan ang tamang pamamahala sa oras ng mga guro at ang kanilang pagganap sa pagtuturo. Ang pagkakaroon ng mahusay na pamamahala sa oras ay mas mataas na pagganap sa pagtuturo. Sa kabilang banda, ang mga guro na may mahinang kasanayan sa pamamahala ng oras ay nagpakita ng mababang pagganap sa pagtuturo (Khan et al., 2016). Ang pagbalanse sa gitna ng mga gawain at trabaho sa bahay ay patuloy na nagiging problema ngayon na nagreresulta ng kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Naging mahirap para sa mga mag-aaral na pagsabayin ang iba't ibang gawain sa bahay at paaralan at nagkaroon ito ng epekto ng kawalan ng oras sa pamilya. Naapektohan sa kanilang paghahanda para sa pagtuturo ang iba pang gawain na kinakailangan nilang gawin (Nucum, 2018).

Maiiwasan ang pagkagulo-gulo ng mga gawain na nagreresulta ng kawalan ng pokus at nakaapekto sa perpromans sa pagtuturo ang wastong pamamahala sa oras at pagbalanse sa mga gawain na kailangan tapusin. Magiging organisado naman ang takbo sa paggawa ng mga gawain kung naka plano ang mga ito nang mabuti.

**Tema 3: Kakulangan sa Suportang Pinansyal**

Isa sa pangangailangan ng mga mag-aaral ay ang suportang pinansyal upang makapagtapos ng pag-aaral. Sa mga pre-service teachers, esensyal ito dahil sa iba't ibang mga kagamitang pampagkatuto na dapat ihanda na mahalaga para sa epektibong pagtuturo. Ang kakulangan sa suportang pinansyal ang isa sa mga hamon na kinakaharap ng mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

Binigyang diin nina P9, P3, P1, at P4, ang kakulangan at kahirapan sa suportang pinansyal mula sa kanilang mga pamilya. Nagreresulta ito ng hindi pagkakaroon at paggawa ng sapat at magandang kagamitang pampagkatuto na nakaapekto sa kanilang pagganap sa pagpapakitang-turo.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
ISSN Online: 3028-032X | ISSN Print: 3028-0370
Volume 1, Issue no. 9 (2024)

*"Problema sa pinansyal dahil hindi agad - agad mabibili ang mga dapat bilhin upang gamitin bilang materyales sa pagtuturo. Walang sapat na instructional materials sa pagtuturo dahil sa kawalan ng badget at dahilan din ito ng makakuha ng mababang puntos sa pagtuturo." (P9)*

*"Kahirapan sa pinansyal. Minsan nahihirapan din ang aking pamilya na magbigay ng pera dahil nahihirapan din sila sa mga bayarin. Kapag walang pera pambili ng Ims ay maapektohan ang aking pagtuturo tulad ng hindi magandang IMs" (P3)*

*"Pinansyal na kakulangan" (P1)*

*"Nakaaapekto ito sa aking pamilya sa pamamagitan ng kakulangan sa pinansyal lalo na kapag ako ay gagawa ng mga instructional na mga materyales." (P4)*

Ang kakulangan sa suportang pinansyal ng mga Filipino major na mag-aaral sa Field Study ay maaaring magpahirap sa karanasan at kasanayan sa pagtuturo dahil nakaaapekto ito sa pagbili at paggawa ng mga kinakilangan na kagamitan sa pagtuturo. Maaaring maging hadlang ang kakulangang pinansyal sa pagtatagumpay ng isang mag-aaral (Moore et al., 2021). Ang kahirapang pinansyal ay maaaring magdulot ng negatibong epekto sa karanasan at kapakanan ng isang pre-service teacher. Nakapagdudulot ito ng karagdagang stress sa mga mag-aaral. Isinaad din ng mga mag-aaral na nagkakaroon ng limitasyon at hadlang na makagawa at magkaroon ng akses sa mga magandang kagamitan sa pagtuturo na maaring magresulta ng hindi maayos na pagganap sa pagtuturo at mababang puntos (Smith et al., 2018).

Isa sa mahalagang kailangan upang matagumpay na magawa ang pagpapakitang-pagtuturo at makapagtapos ng pag-aaral ay ang pagkakaroon ng suportang pinansyal. Hindi lingid sa kaalaman natin na magastos ang kolehiyo. Ang kakulangan sa suportang pinansyal ay nakaapekto sa matagumpay na pagpapakitang-turo ng mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study dahil lubos itong kinakailangan sa paggawa ng mga kagamitan sa pagtuturo. Nararapat na pagsikapang matugunan ang hamon sa kakulangan sa suportang pinansyal. Makatutulong ang pagiging maparaan at madiskarte upang malampasan ang balakid na ito.

**B. Epekto ng Field Study Program sa mga Filipino major na Mag-aaral**

Ang pangalawang layunin ay naglalayong matukoy ang epekto ng Field Study Program sa mga Filipino major na mag-aaral partikular na sa kanilang kasanayan sa pagtuturo. Kabilang rin ang naging epekto o gampanin ng mga cooperating teachers. Tinatalakay nito ang mga mahahalagang tema tungkol sa kalinagan sa kasanayan sa pagtuturo, kalinangan sa wastong pamamahala sa klase, at kalinangan sa pedagohiya sa pagtuturo sa tulong ng cooperating teachers.

**Tema 1: Kalinangan sa Kasanayan sa Pagtuturo**

Isa sa mga epekto ng Field Study Program sa mga Filipino major na mag-aaral ay ang pagiging tulay nito sa maagang exposure sa pagtuturo na nagrersulta ng kalingan sa mga kasanayan sa pagtuturo. Nagbibigay ito ng aktwal na karanasan sa pagpasok sa mundo ng pormal na senaryo ng paaralan para sa mga mag-aaral ng Field Study na naghahanda sa larangan ng pagtuturo. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

Binigyang diin nina P9, P2, P3, at P4 na ang naging deployment nila sa pribadong paaralan ay ang paunang hakbang na nakatulong upang mahasa ang kanilang mga kasanayan partikular na sa paggawa ng banghay-aralin at pagpapakitang-turo. Ang deployment sa nasabing paaralan ay naging gabay upang mas mapabuti ang mga kasanayan sa pagtuturo at matukoy kung aling aspeto ang kailangan pang linangin o baguhin.

*"Nakaaapekto ito sa aking karanasan at kasanayan bilang mag - aaral sa FS sa pribadong paaralan sa pamamagitan ng paghahanda sa larangan ng pagtuturo. Nagiging gabay ang deployment para sa akin upang lubos na ma-enhance ang aking kakayahan kung anong kasanayan pa ang dapat madebelop o baguhin." (P9)*

*"Sa Misamis University ako nahasa sa tulong din ng aming critic teachers. Nalaman namin o ko ang iba't ibang pamamaraan sa paggawa ng LP at mas maging malapit kami sa mga estudyante. Dito talaga kami o ako nahubog na maging isang guro. "(P2)*

*"Ang deployment sa pribadong paaralan ay nagbigay sa amin ng karanasan na maging guro." (P3)*

*"Ang pribadong deployment at nakaaapekto sa aking karanasan at kasanayan bilang mag-aaral sa Field Study sa pamamagitan ng paghubog sa aking isipan sa pagtuturo at pagkatuto." (P4)*

*Isinaad at binigyang diin naman nina P6, P7, at P2 na ang naging deployment nila sa pampublikong paaralan ay nakatulong na ma-expose sa aktwal na mga pangyayari, trabaho at buhay ng mga guro sa pampublikong paaralan. Nakatulong ito na mas malinang ang kanilang kasanayan sa pagtuturo at napalawak ang kanilang mga kaalaman.*
*"Maganda ang epekto nito sapagkat maaga kaming na-expose sa pampublikong paaralan kagaya nang kung ano na nga ba ang reyalidad ng buhay ng isang public teacher. Maaga kaming na expose sa reyalidad ng buhay ng isang guro kung kaya na-enhance ang aming abilidad pagdating sa pagtuturo" (P6)*

*"Nakaapekto ito na mahanda kami sa pagtuturo sa publiko kung sakaling makakapasok kami dito upang magturo sa hinaharap. Mas madebelop pa ang kasanayan namin sa pagtuturo at mahasa ang kakayanan namin sa pagharap at paghandle ng iba't ibang mga mag-aaral" (P7)*

*"Nang kami ay nadeploy sa pampublikong paaralan mas naging malawak ang aming kaalaman sa mga bagay na may kaugnayan sa pagtuturo. Mas na expose kami sa tunay na buhay ng isang guro." (P2)*

Nagsisilbing gabay ang pag-obserba sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo sa loob ng aktwal na silid-aralan upang maging epektibo ang kanilang pagtuturo. Nagbibigay ito ng konteksto para maunawaan ang ugnayan sa pagitan ng teorya at praktika (Anderson, 2006). Nagkaroon ng mga karanasan ang mga pre-service teachers na nakatulong sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pagtuturo at pagsasaalang-alang sa mga teaching values tulad ng pamamahala ng oras, pagkatuto ng paksa, at pagpapa-unlad ng paksa (Toman, 2017). Nahuhubog ang karanasan ng isang pre-service teacher kapag nagsimulang makapagturo sa aktwal na silid-aralan sapagkat ang kanilang pakikisalamuha sa mga kapwa guro, mga kamag-aral, at mga estudyante ay nakaiimpluwensya sa kanilang kaalaman at pagkatuto. Ang mga salik na natutunan ng mga pre-service teachers tulad ng kaalaman sa konteksto ng pagtuturo, kaalaman sa pangangasiwa sa mga mag-aaral kaalaman sa pedagohiya, at kaalaman sa paksa ay maaaring makaapekto sa pagbabago ng kanilang mga kaalaman at kasanayan. (Arslan et al., 2018)

Naging maagang exposure sa pagtuturo para sa mga Filipino major na mag-aaral ang deployment sa pribado at pampublikong paraalan na bahagi Field Study Program. Mahalaga ang naging epekto ng Field Study Program sa maagang karanasan sa pagtuturo dahil sa pamamagitan ng programang ito ay nagkaroon sila ng pagkakataon na maranasan ang aktwal na kaganapan at takbo sa loob ng silid-aralan at makapagturo katulad ng isang ganap ng guro. Ang karanasan na ito ng mga Filipino major na mag-aaral ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga hamon at responsibilidad na kaakibat ng propesyon ng pagtuturo. Nakatulong ito na mahubog ang kanilang mga kasanayan at kaalaman na kinakailangan sa pagtuturo.

**Tema 2: Kalinangan sa Wastong Pamamahala sa Klase**

Ang tamang pamamahala sa klase ay mahalaga sa paghubog ng isang epektibong kapaligiran ng pagkatuto. Isa sa mga naging epekto ng Field Study Program sa mga Filipino major na mag-aaral ay ang kalinangan sa wastong pamamahala sa klase. Batay sa kanilang mga ibinigay na mga sagot, ang pagkakaroon ng interaksyon sa mga mag-aaral, nakilala nila ang mga bawat mag-aaral at nakatulong ito upang mapamahalaan sila ng wasto at naaayon sa kanilang indibidwal na katangian na nagresulta sa mas epektibong pagtuturo.

Binigyang diin nina P3, P4, at P9 na sa pakikitungo at pakikisalamuha nila sa mga mag-aaral ay natutunan nila kung paano pamahalaan at turuan ang iba't ibang mga mag-aaral na ito. Nagbigay ito ng mahalagang karanasan at kasanayan sa pagtuturo, kung saan natutunan nila kung paano magbigay ng epektibong leksyon at makipag-ugnayan sa mga mag-aaral.

*"Natuto kami kung paano dalhin ang mga mag-aaral at magbigay leskyon sa kanila kung saan magagamit ko nang husto sa hinaharap. Nagsilbing motibasyon ito sa aking upang maging mabuting guro." (P3)*

*"Ang pampublikong deployment ay nakaaapekto sa aking karanasan at kasanayan bilang mag-aaral sa Field Study sa pamamagitan ng pakikitungo ko sa mga mag-aaral, sa maayos na pakikisama lalong-lalo na sa pagtuturo." (P4)*

*"Nakaaapekto ang deployment sa pampublikong paaralan sa aking karanasan at kasanayan bilang mag - aaral sa Field study dahil mas challenging ang pagtuturo sa pampublikong paaralan at dito nahuhubog ang mga karanasan ko sa pagtuturo ng mga mag-aaral na posibleng magiging mga mag-aaral sa kasalukuyan." (P9)*

*Isinaad nina P8, P2, at P3 na mas nakilala nila ang bawat mag-aaral, partikular na ang iba't ibang mga ugali ng bawat isa. Naging daan ito na mas maging bukas at malapit sila sa mga mag-aaral at magbigay pansin sa kanilang mga personal na kwento, na naging mahalagang bahagi ng pag-unlad bilang guro*
*"Nakilala ko ang iba't ibang ugali ng isang mag-aaral" (P8)*

*"Mas maging malapit kami sa mga estudyante" (P2)*

*"Ang pampublikong paaaralan ay humubog sa akin na maging bukas sa mga estudyante. Binigyan ako ng karanasan na malaman ang mga storya ng bawat estudyante." (P3)*

Ang pamamahala sa silid-aralan ay isa sa mga pangunahing salik na may malaking epekto sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa silid-aralan. Ang mga guro na may mahusay na kasanayan sa pamamahala sa klase ay kayang malampasan ang mga hamon kaugnay sa iba't ibang isyu ng mga mag-aaral (Zulkifli et al., 2019). Kinakailangang paunlarin ng mga pre-service teachers ang propesyonal na pagsasanay sa konteksto ng isang aktwal na silid-aralan sa pamamagitan ng praktikum sa pagtuturo upang epektibong mapangasiwaan ang klase (Ragawanti, 2015). Lumabas naman sa pag-aaral nina Sokra et al., (2013), na ang mga pre-service teachers na nakapagturo sa isang inklusibong silid-aralan na kung saan iba't iba ang katangian ng mga mag-aaral ay natamo ang mas mataas na kahusayan sa pamamahala ng silid-aralan kumpara sa mga pre-service teachers na walang karanasan.

Mula sa karanasan ng mga Filipino major na mag-aaral sa Field Study Program ay natuto at nalinang ang kanilang kasanayan sa wastong pamamahala sa klase. Nagkaroon ng pagkakataon na makilala ang bawat mag-aaral na nag-aangkin ng iba't ibang natatanging katangian na naging epekto ng pagkatuto at kalinangan kung paano pamahalaan ang mga mag-aaral na ayon sa kanilang iba't ibang pag-uugali. Ipinaparanas ng Field Study Program sa mga Filipino major na mag-aaral ang aktwal na kalagayan at katangian ng iba't ibang estudyante. Nabibigyan sila ng pagkakataon upang matuto, at umangkop nang naaayon sa mga katangian ng bawat mag-aaral. Mahalagang matutunan ang tamang pamamahala sa klase dahil nakaaapekto ito sa matagumpay na pagkatuto at pagtuturo sa loob ng silid-aralan.

**Tema 3: Kalinangan sa Pedagohiya sa Pagtuturo sa Tulong ng Cooperating Teachers**

Ang temang ito ay tumatalakay sa naging epekto ng mga cooperating teachers sa naging karanasan sa pagtuturo ng mga Filipino major na mag-aaral sa Field Study. Ang mga cooperating teachers ay nagsilbing tagagabay sa paglinang sa pedagohiya at kasanayan sa pagtuturo sa pamammagitan ng pagpapalawak sa kaalaman at isipan ng mga mag-aaral. Ang mga gabay na ito ay nakatulong upang mahubog sila bilang mga guro.

Isinaad at binigyang diin nina P2, P4, at P6 na isa ang mga cooperating teachers ang tumulong lalo na sa pagsasanay at paglinang sa kanila sa paggawa ng banghay-aralin, pagpapakitang-turo, at pamamahala sa klase. Sila ang nagbigay gabay at suporta upang mapaunlad ang kanilang kakayahan at kasanayan lalo sa mga aspetong ito. Ang kanilang impluwensiya ay mahalaga sa kanilang pag-unlad sa pagtuturo.

*" Ang mga critic teachers ang isa sa mga nagbigay sa amin ng mas marami at mas malaking kaalaman sa kursong ito. Sila ang nagturo sa amin upang mas maging bihasa kami sa lesson planning, demo teaching, at classroom management." (P2)*

*"Tinuturuan po kaming mapaunlad ang aming mga isipan lalong-lalo na sa paggawa ng lesson plan." (P4)*
*"Nakaiimpluwensiya and mga critic teachers sa aking kasanayan at karanasan sa field study sa pamamagitan ng ginagabayan nila ako at tinitulongan na mag-improve sa aking demo teaching at paggawa ng mga lesson plan." (P6)*
Nakapokus ang sagot nina P5 at P7 sa pagbabahagi ng mga teknik at paggabay ng mga cooperating teachers. Nakaiimpluwensiya at nakatutulong ito upang ang mga Filipino major na mag-aaral ay malinang at maging mabisa ang pagtuturo. Binigyang diin naman ni P1 ang impluwensiya ng mga cooperating teachers sa pangkalahatang aspeto sa mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study. Hindi lamang sila nakaiimpluwensiya sa kasanayan ng mga mag-aaral, kundi pati na rin sa pagpapaunlad ng kakayahan, pagpapalawak ng kanilang kaalaman at pananaw.
*"Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga teknik sa pagtuturo upang ito ay maging mabisa." (P5)*
*"Nakaimplumensiva sila sa amin sa pamamagitan ng kanilang paggabay sa amin tuwing teaching para mahasa kami ng husto." (P7)*
*" Nakaiimpluwensiya ang mga critic teachers sa kasanayan, pagpapaunlad ng kakayahan sa pag-aaral, pagpapalawak ng kaaalaman, pagsasaalang-alang ng mga pananaw." (P1)*

Ang propesyonal na paggabay ay mahalaga para sa mga pre-service teachers (Campbell et al., 2007). Mahalaga ang gampanin ng isang cooperating teachers upang madebelop ang mga pre-service teachers. Mas nararamdaman ng mga pre-service teacher na handa silang magturo kapag ang kanilang cooperating teachers ay nagmomodelo ng epektibong pagtuturo at gumagabay sa pamamagitan ng pagbibigay ng higit pang suporta sa pagtuturo, madalas at sapat na pidbak, kolaboratibong aktibidad, suporta sa paghahanap ng trabaho, at balanse ng awtonomiya at paghihikayat (Matsko et al., 2020). Ang mga cooperating teachers na may kamalayan sa mga pangangailangan sa pagkatuto ng mga pre-service teachers habang ibinabahagi ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ay mas makatutulong sa mga pre-service teacher na mapaunlad ang mga kakayahang kailangan upang magtagumpay. (Roberts et al., 2014).

Sa paglinang at pag-unlad ng mga kasanayan ng mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study, mahalagang bahagi at impluwensiya sa kanilang pagsasanay ang mga cooperating teachers. Sila ay may malaking responsibilidad sa paghahanda at paglago ng mga pre-service teachers bago tuluyang maging ganap na guro. Ang kanilang paggabay

lalo na sa paggawa ng banghay-aralin, pagpapakitang-turo, at pamamahala sa klase ay nag-udyok na maging bihasa at handa ang mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study na epektibong makapagturo. Sa pamamagitan ng paggabay at patuloy na pagsasanay sa pagtuturo ay nahubog ang mga kasanayan ng mga Filipino major na mag-aaral. Ang mga cooperating teacher ang nagsisilbing katuwang nila upang mapapagtagumpayan ang Field Study.

**C. Posibleng hakbang ng Teacher Education Institution sa pagpapatupad ng isang matagumpay na Field Study Program**

Ang pangatlong layunin ay naglalayong masuri ang mga posibleng hakbang ng Teacher Education Institution sa pagpapatupad ng isang matagumpay na Field Study Program. Tinatalakay rito ang mga rekomendasyon ang mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study na maaaring magamit ng Teacher Education Institution upang magpatupad ng isang matagumpay na Field Study Progam. Mula sa mga rekomendasyon nila ay nabuo ang ilang mahahagalang tema hinggil sa maagang exposure sa mga kasanayan sa pagtuturo, pagsagawa ng mga seminar at palihan, at wastong paggabay at suporta sa mga mag-aaral ng Field Study.

**Tema 1: Maagang Exposure sa mga Kasanayan sa Pagtuturo**

Isa sa mga posibleng hakbang para sa pagpapatupad ng isang matagumpay na Field Study ay ang maagang exposure sa mga kasanayan sa pagtuturo. Ayon sa mga karanasan ng mga kalahok, mahalaga ang maagang paghubog sa mga mag-aaral upang maging bihasa sila sa pagtuturo pagdating sa Field Study. Ang mga rekomendasyon ay nakapokus sa pangangailangan na simulan ang pagsasanay sa pagpapakitang-turo at paggawa ng banghay-aralin sa unang taon ng kolehiyo upang maging handa sila pagdating sa kanilang pang-apat na taon. Gayundin, binigyang-diin ang kahalagahan ng pagsasanay ng mga guro sa mga tamang pamamaraan upang matagumpay na maisagawa ang Field Study Program.

Ipinahayag at binigyang diin nina P2 at P6 ang pangangailangan ng maagang exposure ng mga mag-aaral ng TEI sa mga kasanayan sa pagtuturo. Ito ay upang makatulong na malinang hanggang sa maging bihasa na ang mga mag-aaral sa mga kasanayan na ito kapag sila ay kumuha na ng Field Study Program at Intership Program.

*"Base sa aking karanasan, kailangang hubugin sa mas maaagang panahon ang mga mag-aaral sa TEI upang pagdating nila sa FS mas maging bihasa na sila. Kami kasi nuon ay hindi nakaranas ng demo teching sa mas maaagang taon namin sa kolehiyo.Gawin sanang mas maaga ang pag-eexpose sa mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan at demo teaching kasi sa panahon namin pagdating na sa 3rd year kami nakaranas na gumawa ng lesson plan at hindi pa kami nakapagturo." (P2)*

*"Ang aking rekomendasyon para sa patuloy na pag-unlad at pagpapabuting field study sa hinaharap ay kailangan na maaga pa lang ay ma-expose na ang mga mag-aaral sa demo teaching kagaya ng first year college pa lang sila ay ipinaparanas na sa kanila ang pagtuturo upang pagdating nang fourth year college ay nahasa na ang kanilang kakayahan sa pagtuturo at paggawa ng lesson plan" (P6)*

Binigyang diin nina P4, P3, at P5 ang maayos na pagsasanay sa mga mag-aaral ng Field Study Program. Ang epektibong pagsasanay sa mga mag-aaral ng Field Study Program ay makatutulong mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng maayos na pagsasanay, nagiging handa ang mga guro sa pagtuturo at mas epektibong maiaangkop ang kanilang natutunan sa praktikal na aplikasyon.
*"Isanay nang maayos ang mga mag-aaral ng FS sa kanilang pagtuturo." (P4)*

*"Maipatutupad ng Teacher Education Institution ang isang matagumpay na Field Study Program sa pamamagitan ng pagsasanay sa mga guro sa mga dapat gawin. (P3)*

*"Sa pamamagitan ng pagsasanay ng mga guro sa mga dapat gawin" (P5)*

Ang maagang pagkatuto ng mga kasanayan sa pagtuturo sa pamamagitan ng mictroteaching technique na kung saan sinasanay sila sa mga kasanayang kinakailangan sa pagtuturo ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga pre-service teachers na mahasa ang mga kasanayang ito. Nakatutulong ang maagang pagkatuto ng mga kasanayan sa pagtuturo upang madebelop ang kasanayan para sa aktwal na pagtuturo (Remesh, 2013).

Isang adbentahe ng maagang pagsasanay ay naranasan ng mga pre-service teachers ang pagtuturo sa isang maliit na grupo na kinabibilangan ng mga kapwa pre-service teachers na nagsisilbing mga mag-aaral. Ang mga talakayan sa klase sa pagitan ng mga pre-service teachers ay nagbunga ng magkakaibang kolektibong kaisipan, na maaaring magdulot ng mas malalim na antas ng pag-unawa tungkol sa pagtuturo (Elghotmy, 2012). Nalalaman ng mga pre-service teachers ang kanilang lakas at kahinaan sa mga kasanayan sa pagtuturo. Nagkaroon sila ng pagkakataon na maobserbahan ang pagganap ng kanilang mga kasamahan na nagbigay sa kanilang ng ideya kung ano ang mga dapat at hindi dapat gawin. Nagbigay din ng pidbak ang mga kalahok sa kanilang mga kasamahan at kinritiko ang kanilang pagganap upang matulungan silang mapaunlad ang kanilang mga propesyonal na kasanayan (Arslan, 2021).

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
ISSN Online: 3028-032X | ISSN Print: 3028-0370
Volume 1, Issue no. 9 (2024)

Ang konseptong ito ay nabuo mula sa mga karanasan at rekomendasyon ng mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study. Nagpapakita ito ng pangangailangan ng maagang paghahanda sa mga mag-aaral upang mas malinang ang kanilang mga kasaanayan sa pagtuturo. Binibigyang-diin nila ang kahalagahan ng maaga at maayos na pagsasanay sa pagtuturo at paggawa ng banghay-aralin upang mas maging bihasa ang mga mag-aaral pagdating ng Field Study. Ito ay naglalayong mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo at paghahanda sa mga guro para sa kanilang mga tungkulin sa hinaharap. Ang mungkahing ito ay maaaring makatutulong na mas mapabuti at maging matagumpay ang Field Study Program sa pagsasanay sa mga pre-service teachers.

**Tema 2: Pagsagawa ng mga Seminar at Palihan**

Ang pagsasagawa ng seminar at palihan ay nakatutulong upang mapalawak ang kaalaman, kasanayan, at karanasan ng mga indibidwal sa iba't ibang larangan. Isa sa mga hakbang upang patuloy na matagumpay na maipatupad ang Field Study Program

Nakapokus ang pahayag nina P3 at P4 sa pagsasagawa ng mga seminar at palihan na makapaghuhubog sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa kanilang pagtuturo. Kasama rin dito ang pagsasagawa ng mga workshops at webinars na makatutulong sa kanilang propesyonal na pag-unlad at pagpapalawak ng kaalaman.

"Ang aking rekomendasyon para sa patuloy na pag-unlad at pagpapabuti ng Field Study Program sa hinaharap ay ang pagtalaga ng program o seminar na makatutulong sa paghubog ng mga guro sa kanilang pagtuturo." (P3)
"Pagsagawa ng workshops at webinar" (P4)

Ang pagsasagawa ng seminar ay nakaiimpluwensiya sa pananaw ng mga estudyanteng guro tungkol sa kanilang kahandaan para sa pagtuturo. Nagdulot ito ng pagpapalakas ng tiwala sa sarili at kahandaan na pumasok sa full-time internship (Polly et al., 2012). Nakatutulong ang mga palihan at seminar na nakatuon sa mga praktikal na talakayan tungkol sa mga estratehiya sa pagtuturo upang suriin at pagbutihin ang kanilang pamaraan at kasanayan sa pagtuturo (Yin, 2019). Ang mga seminar at palihan na bahagi ng mga field-based na karanasan ay may mahalagang papel sa mga programa ng edukasyon para sa mga guro. Tumutulong ito pag-ugnayin ang agwat sa pagitan ng teorya at praktika sa pamamagitan ng pag-expose sa mga pre-service teachers sa aktwal na mga kapaligiran sa pagtuturo kung saan maaari silang mag-obserba, tumulong, at magturo kasama ang mga bihasa sa larangan. Ang ganitong mga karanasan ay mahalaga para sa pagdebelop ng mga kasanayan sa pagtuturo at pagkuha ng praktikal na kaalaman, na kinakailangan para sa epektibong pagtuturo (Hamilton et al., 2019).

Ang mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study ay nagpapakita ng pangangailangan para sa aktibong pagpapaunlad sa kanilang mga kasanayan sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga seminar o webinar at palihan na naglalayong mapabuti ang Field Study Program at ang kabuuang kalidad ng edukasyon, maaaring mapalalim ang kanilang kaalaman at kakayahan. Ito ay magbibigay ng mga oportunidad para sa mas malawak na kaalaman at pag-unawa ng mga guro, na maaaring magdulot ng mas mataas na kalidad ng pagtuturo para sa mga mag-aaral. Ang oportunidad na ito ay makatutulong upang mas pagbutihin at madelop ang pagpapatupad ng Field Study Program.

**KONKLUSYON**

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:

1. Ang kahirapan ng kanilang mga mag-aaral sa paggamit at pag-intindi sa wikang Filipino, kakulangan sa pamamahala sa oras, at kakulangan sa suportang pinansyal ang mga naging hamon na kinaharap ng mga Filipino major na mag-aaral ng Field Study. Ang mga ito ang ay nakaapekto sa kalidad ng kanilang naging pagtuturo. Ang mga mag-aaral na nahirapan sa paggamit at pag-intindi sa wikang Filipino ay nakaapekto sa matagumpay na talakayan ng guro. Ang kakulangan sa pamamahala sa oras ay nagresulta ng kahirapan sa pagbalanse sa mga iba't ibang gawain at ang kakulangan sa suportang pinansyal ay nakaapekto sa paghahanda ng mga Filipino major na mag-aaral sa mga kagamitang pagpagkatuto na mahalaga sa kanilang pagtuturo.

2. Ang Field Study Program ay nagkaroon ng positibong epekto sa mga Filipino major na mag-aaral. Nalinang nito ang mga kasanayan sa pagtutuo at wastong pamamahala sa klase. Bukod dito, ang mga cooperating teachers na katuwang ng bawat Filipino major na mag-aaral ng Field Study ay nagsilbing mahalagang gabay sa paglinang sa padegohiya sa pagtuturo. Ang programa ay naging isang mahalagang bahagi ng kanilang paghahanda bilang mga guro, na nagbigay ng kinakailangang praktikal na karanasan at suporta mula sa mga cooperating teachers.

3. Ang mga posibleng hakbang na maaaring gawin ng Teacher Education Institution sa pagpapatupad ng isang matagumpay na Field Study ay ang pagbibigay sa mga mag-aaral ng maagang exposure sa mga kasanayan sa pagtuturo at ang pagsasagawa ng mga seminar at palihan na makatutulong sa pagpapalawak ng kanilang

kaalaman at kasanayan. Bukod dito, makatutulong kung simula unang taon pa lamang ng kolehiyo ay nasasanay na ang mga mag-aaral sa mga kinakailangang kasanayan sa pagtuturo bago pa man sila sumabak sa Field Study. Sa ganitong paraan, magiging mas handa at kumpiyansa sila sa aktwal na karanasan sa pagtuturo. Ang mga hakbang na ito ay magdudulot ng mas mataas na kalidad ng edukasyon at paghahanda para sa mga guro sa hinaharap, na siyang magbibigay-daan sa kanila upang maging mas epektibo at matagumpay.

**TALASANGGUNIAN**

Abas, M. C. (2016). Difficulties in Field-Based Observation among Pre-Service Teachers: Implications to Practice Teaching. International Journal of Evaluation Research in Education, 5(2), 101-112.
https://tinyurl.com/5x29ks6a

Abas, M. C. (2016). Pre-service teachers' experiences during off-campus observation: Basis for improving the roles of teacher education institutions and cooperating schools. Journal of Education and Learning (EduLearn), 10(2), 187-202.
https://tinyurl.com/4jc8pd6x

Adebayo, F. A. (2015). Time Management And Students Academic Performance In Higher Institutions, Nigeria A Case Study Of Ekiti State. International Research in Education, 3(2), 1-12.
https://www.academia.edu/download/44644064/7126-26653-1-PB.pdf

Alamri, H.R. H. (2018). Challenges in Practicum: Views and Perceptions of EFL Pre-Service Teachers Towards Field Experience Skills in Real Classrooms.
http://dx.doi.org/10.2139/ssrn.3150902

Anderson, D., Lawson, B., & Mayer-Smith, J. (2006). Investigating The Impact of a Practicum Experience In An Aquarium On Pre-Service Teachers. Teaching Education, 17(4), 341-353.
https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/10476210601017527

Aquilon, K. (2020). Pagkalimot ng Kabataan Sa Wikang Filipino.
https://tinyurl.com/ywe99cr3

Arslan, A. (2021). Pre-Service Teachers' Journey Of "Teaching" Through Micro-Teaching: A Mixed Design Research. Egitim ve Bilim, 46(207).
https://tinyurl.com/25b6ezt6

Arslan, F. Y., & İlin, G. (2018). The Effects Of Teaching Practicum On EFL Pre-Service Teachers' Concerns. Journal of Language and Linguistic Studies, 14(2), 265-282.
https://tinyurl.com/2jff9r22

Baidoo, A. N. A. (2016). Assessment of The Challenges Of Off-Campus Teaching Practice In The University Of Cape Coast: Management Education Pre-Service Teachers' Perspective (Doctoral dissertation, University of Cape Coast).
https://tinyurl.com/bdpmkj84

Bandura, A., & Walters, R. H. (1977). Social learning theory (Vol. 1). Prentice Hall:Englewood cliffs.
https://tinyurl.com/58hjt9t8

Bandura, A. (1986). Social foundations of thought and action. Englewood Cliffs, NJ, 1986(23-28).
https://tinyurl.com/4w42p38k

Campbell, M. R., & Brummett, V. M. (2007). Mentoring Preservice Teachers for Development And Growth Of Professional Knowledge. Music educators journal, 93(3), 50-55.
https://tinyurl.com/4mku793w

Chernikova, O. (2018). What Makes Observational Learning In Teacher Education Effective? (Doctoral dissertation, lmu).
https://tinyurl.com/5yfxu7m3

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
ISSN Online: 3028-032X | ISSN Print: 3028-0370
Volume 1, Issue no. 9 (2024)

Claessens, B. J., Van Eerde, W., Rutte, C. G., & Roe, R. A. (2007). A Review of The Time Management Literature. Personnel review, 36(2), 255-276.
https://www.emerald.com/insight/content/doi/10.1108/00483480710726136/full/html

Commission on Higher Education. (2004). Memorandum Order. No. 30 series 2004.
Revised Policies and Standards for Undergraduate TeacherEducation Curriculum. Manila, Philippines.
https://tinyurl.com/27a78jaz

Darling-Hammond, L., & Bransford, J. (Eds.). (2007). Preparing Teachers for a Changing World: What teachers should learn and be able to do. John Wiley & Sons.
https://tinyurl.com/ypfv3ey6

De Chavez, A., & Metrillo, A. (2018). Paggamit Ng Wikang Filipino Ng Mga Mag-aaral sa Paaralan
https://tinyurl.com/yc5pr78h

De Grave, W., Zanting, A., Mansvelder-Longayroux, D. D., & Molenaar, W. M. (2014). Workshops and seminars: enhancing effectiveness. Faculty Development in the Health Professions: A Focus on Research and Practice, 181-195.
https://tinyurl.com/mr35jsek

Dela Cruz, A. A., & Vasquez, R. S. (2020). Mediating Roles of the Cooperating Teachers' Self-Efficacy to the Pre-Service Teachers' Classroom Instruction and Evaluation. Journal of Education and e-Learning Research, 7(2), 195-202.
https://tinyurl.com/3jk2n2dr

Department of Education. (2007). Department of Education Order No. 3 series of 2007. Guidelines in the Deployment of Pre-service Teachers on Experiential Learning : Field Study and Practice Teaching. Issued on January 8, 2007, Pasig City, Philippines.
https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2007/01/DO_s2007_003.pdf

Dos Santos, L. M. (2020). Pre-Service Teachers' Pedagogical Development Through The PeerObservation Professional Development Programme. South African Journal of Education, 40(3).
https://tinyurl.com/u4s5j6m4

Elghotmy, H. E. A. (2012). Investigation into the microteaching practices of Egyptian Pre-Service Teachers Of English In An EFL Teacher Preparation Programme: Implications For Curriculum Planning And Design. University of Exeter (United Kingdom).
https://tinyurl.com/27978aar

Elias, S. K. (2018). Pre-service teachers' Approaches To The Effectiveness Of Micro-Teaching In Teaching Practice Programs. Open Journal of Social Sciences, 6(5), 205-224.
https://tinyurl.com/5bew7x8n

Fabro, R. B. B., Rivera, E. C. C., Rivera, J. C., Rabang, N. T. G. S., Asuncion, A. C., & Limon, M. R. (2023). Struggling, Coping, and Persisting in New Normal Education: Pre-Service Teachers in Field Study Courses. TEM Journal, 12(1).
https://tinyurl.com/58t837b6

Faikhamta, C. (2011). Fifth Year Pre-service Science Teachersû Struggles with and Learning About Teaching Science Through a-Year-Long Field Experience. Kasetsart Journal of Social Sciences, 32(1), 140-147.
https://so04.tci-thaijo.org/index.php/kjss/article/view/246726/167644

Ferber, T., & Nillas, L. A. (2010). Through the Eyes of Student Teachers: Successes and Challenges in Field Teaching Experiences. National Teacher Education Journal, 3(2).
https://digitalcommons.iwu.edu/education_scholarship/33/

Ferrer, Catherine. (2019). Epekto ng Kaalamang Bokabularyo sa Interes sa Pagbabasa ng mga Akdang Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral.
https://shorturl.at/vSTV3

Genc, B., & Buyukkarci, K. (2013). An Assessment Of Pre-Service Language Teachers' Practicum Observation Forms: Descriptive Observation Vs. Critical Observation. Educational Research eJournal, 2(2), 83-91.
https://tinyurl.com/242tpbd8

Gallchóir, C., O'Flaherty, J., & Hinchion, C. (2019). My Cooperating Teacher And I: How Pre-Service Teachers Story Mentorship During School Placement. Journal of Education for Teaching, 45(4), 373-388.
https://tinyurl.com/ye57hydx

Gorospe, J. D. (2022). Pre-Service Teachers' Teaching Anxiety, Teaching Self-Efficacy, and Problems Encountered during the Practice Teaching Course. Journal of Education and Learning, 11(4), 84-91.
https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1345904.pdf

Gurvitch, R., & Metzler, M. W. (2009). The effects of laboratory-based and field-based practicum experience on pre-service teachers' self-efficacy. Teaching and teacher education, 25(3), 437-443.
https://tinyurl.com/44mw23yu

Haynes, C. (2007). Experiential learning: Learning by doing: 5-step experiential learning cycle definitions. University of California Davis.
https://ucanr.edu/sites/UC4-HResources/files/337365.pdf

Hamilton, E. R., & Margot, K. C. (2019, October). Preservice Teachers' Community-based field experiences. In Frontiers in Education (Vol. 4, p. 115). Frontiers Media SA.
https://tinyurl.com/yws886nz

Hixon, E., & So, H. J. (2009). Technology's role in field experiences for preservice teacher training. Journal of Educational Technology & Society, 12(4), 294-304.
https://www.researchgate.net/publication/220374176_Technology's_Role_in_Field_Experiences_for_Preservice_Teacher_Training

Igweh, F. K., Egbule, S., & Agbor, S. (2020). Time Management and Students' Academic Performance of School of Business Studies, Delta State Polytechnic, Ogwashi-Uku, Delta State. Nigerian Academy of Management Journal, 15(3), 139-155.
https://namj.tamn-ng.org/index.php/home/article/view/26?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTEAAR2BC5RZTUPB8Xl59ycTVQUBVAfVDAn6n2C-qrimX_hKO_K6b8KRH_r9IIY_aem_bKh5CMDMkGHzg2hOnPDe5Q

Khan, Hafiz Muhammad Ather, et al. "Exploring Relationship of Time Management with Teachers' Performance." Bulletin of Education and Research 38.2 (2016): 249-263.
https://tinyurl.com/yt4wxa6t

Kolb, D. A. (1984). Experiential learning: Experience as the source of learning and development.
https://tinyurl.com/bdctcw2e

Kumsa, M. J., Lemu, B. N., & Nguse, T. M. (2020). Lack of pocket money impacts Ethiopian undergraduate health science students learning activities. Plos one, 15(12), e0243634.
https://tinyurl.com/2bnrzw5v

Largo, R. C., & Gaihe, M. Q. (2021). Filipino Language Teachers: Skills and Challenges Encountered in the Industry.
https://tinyurl.com/mtypb7bs

Lee, J. F. (2019). Experiential teacher education-preparing preservice teachers to teach English grammar through an experiential learning project. Australian Journal of Teacher Education (Online), 44(1), 1-20.
https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1205614.pdf

Matsko, K. K., Ronfeldt, M., Nolan, H. G., Klugman, J., Reininger, M., & Brockman, S. L. (2020). Cooperating teacher as model and coach: What leads to student teachers' perceptions of preparedness?. Journal of teacher education, 71(1), 41-62.
https://tinyurl.com/5t4x8cs3

Mayuga, V. L. (2016). Field Study Courses and Internship as Practical Work Approach: Determinants of Licensure Examination for Teachers' Performance.
https://tinyurl.com/28nzvhf9

Moore, A., Nguyen, A., Rivas, S., Bany-Mohammed, A., Majeika, J., & Martinez, L. (2021). A qualitative examination of the impacts of financial stress on college students' well-being: Insights from a large, private institution. SAGE Open Medicine, 9, 20503121211018122.
https://tinyurl.com/56rdbvm2

Mugot, D. C., & Sumbalan, E. B. (2019). The 21 st Century Learning Skills and Teaching Practices of Pre-Service Teachers: Implication to the New Philippine Teacher Education Curriculum. International Journal of Multidisciplinary Research and Publications (IJMRAP), 2(1), 22-28.
https://tinyurl.com/msbyak8f 8

Mushahari, P., & Sharma, H. (2022). Experiential Learning In Pre-Service Teacher Education: Attitude Of Teacher Trainees And Challenges Faced. Journal of Positive School Psychology, 568-576.
https://mail.journalppw.com/index.php/jpsp/article/view/2434

Nabavi, R. T. (2012). Bandura's social learning theory & social cognitive learning theory. Theory of Developmental Psychology, 1(1), 1-24.
https://www.researchgate.net/publication/367203768_Bandura%27s_Social_Learning_Theory_Social_Cognitive_Learning_Theory

Napanoy, J. B., Gayagay, G. C., & Tuazon, J. R. C. (2021). Difficulties encountered by pre-service teachers: Basis of a pre-service training program. Universal Journal of Educational Research, 9(2), 342-349.
https://tinyurl.com/srvke7nj

Neubauer, B. E., Witkop, C. T., & Varpio, L. (2019). How phenomenology can help us learn from the experiences of others. Perspectives on medical education, 8(2), 90–97.
https://doi.org/10.1007/s40037-019-0509-2

Norazlan, N., Yusuf, S., & Al-Majdhoub, F. M. H. (2020). The financial problems and academic performance among public university students in Malaysia. The Asian Journal of Professional & Business Studies, 1(2).
https://tinyurl.com/37v6993d

Önal, A. (2019). An exploratory study on pre-service teachers' reflective reports of their video-recorded microteaching. Journal of Language and Linguistic Studies, 15(3), 806-830.
https://tinyurl.com/bdf39pch

Perman, R. (2019). The rise and fall of the city of money: A financial history of Edinburgh. Birlinn Ltd.
https://tinyurl.com/4j9zwuhw

Polly, D., Frazier, J., Hopper, C., Chapman, M., & Wells, R. (2012). Examining the Influence of a Support Seminar on Pre-Service Teachers' Preparedness for Student Teaching. School-University Partnerships, 5(1), 102-107.
https://tinyurl.com/534bbm7y

Poonputta, A. (2023). The Impact of Project-Based and Experiential Learning Integration on Pre-Service Teacher Achievement in Evaluation and Assessment. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research, 22(7), 356-370.
https://www.ijlter.net/index.php/ijlter/article/view/1691

Ragawanti, D. T. (2015). Cultivating Pre-Service Teachers'classroom Management Skills Through Teaching Practicum: A Reflective Practice. TEFLIN Journal: A Publication on the Teaching & Learning of English, 26(1).
https://tinyurl.com/38drr3ep

Remesh, A. (2013). Microteaching, an efficient technique for learning effective teaching. Journal of research in medical sciences: the official journal of Isfahan University of Medical Sciences, 18(2), 158.
https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC3724377/

Republic Act. 7784. Teacher Education Council. (1994).
https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1994/ra_7784_1994.html

Reshmad'sa, L., & Vijayakumari, S. N. (2017). Effect of Kolb's Experiential Learning Strategy on Enhancing Pedagogical Skills of Pre-Service Teachers of Secondary School Level. Journal on School Educational Technology, 13(2), 1-6.
https://tinyurl.com/29d3pw6z

Roberts, C. A., Benedict, A. E., & Thomas, R. A. (2014). Cooperating teachers' role in preparing preservice special education teachers: Moving beyond sink or swim. Intervention in School and Clinic, 49(3), 174-180.
https://tinyurl.com/mrce7bds

Segers, M., & Van der Haar, S. (2012). The experiential learning theory: D. Kolb and D. Boud. Gijbels D, editor;, Segers M, editor, 52-65.
https://tinyurl.com/3by3kxn7

Sivri, H., & Balcı, E. (2015). Pre-service Teachers' Classroom Management Self-efficacy Beliefs. International Online Journal of Educational Sciences, 7(4).
https://www.researchgate.net/publication/283624448_Pre-service_Teachers%27_Classroom_Management_Self-efficacy_Beliefs

Smith, D., de Zwaan, L., Chapman, R., & Gillett-Swan, J. (2018). 'It's the worst, but real experience is invaluable': pre-service teacher perspectives of the costs and benefits of professional experience. Teacher education in and for uncertain times, 15-33.
https://tinyurl.com/3h76c8np

Sokal, L., Woloshyn, D., & Funk-Unrau, S. (2013). How important is practicum to pre-service teacher development for inclusive teaching? Effects on efficacy in classroom management. Alberta Journal of Educational Research, 59(2), 285-298.
https://tinyurl.com/2r9chkxk

Töman, U. (2017). Investigation of Reflective Teaching Practice Effect on Training Development Skills of the Pre-Service Teachers. Journal of Education and Training Studies, 5(6), 232-239.
https://tinyurl.com/yhc494fp

Torzar, E. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagpapalawak Talasalitaan sa Panahon ng Pandemya. https://www.researchgate.net/publication/356980358_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagpapalawak_Talasalitaan_sa_Panahon_ng_Pandemya

Vaquilar-Romo, N. C., & Rafanan, L. D. R. (2019). Field Study Courses: Its Effect to the Practice Teaching Performance of the Bachelor of Elementary Education Student Teachers. International Journal of Current Innovations in Advanced Research, 1-14.
https://tinyurl.com/erbwzbun

Vumilia, P. L., & Semali, L. M. (2016). Can the Mentoring and Socialization of Pre-Service Teachers Improve Teacher Education?. Journal of International Education and Leadership, 6(2), n2.
https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1135211.pdf

Waxman, H. C., Rodriguez, J. I., Padron, Y. N., & Knight, S. L. (1988). The use of systematic classroom observations during field experience components of teacher education programs. College Student Journal, 22, 199-202.
https://tinyurl.com/3btk8yjw

Wilson, J. (2011). Importance of field study programs. Jurnal College Natural History Museum, 4(1).
https://www.sierracollege.edu

Yacap, M. J. (2022); Experiential Learning Courses" Implementation in Teacher Education Institutions in the Philippines. Int Aca J Edu Lte.3(2); 60-70.
https://tinyurl.com/54kfbbut

Yin, J. (2019). Connecting theory and practice in teacher education: English-as-a-foreign-language pre-service teachers' perceptions of practicum experience. Innovation and Education, 1(1), 1-8.
https://tinyurl.com/3rksncad

Zulkifli, A. S., Sulaiman, N. F., & Mohamed, S. (2019). Pre-service teachers knowledge of classroom management. Creative Education, 10(12), 2548-2554.
https://tinyurl.com/2bs99ckz